



California's Protection & Advocacy System  
Toll-Free (800) 776-5746

# Self Advocacy para sa Incompetent sa Stand Trial Commitment

---

*Setyembre 2012, Pub #5513.08 - Tagalog*

## **Talaan ng Nilalaman**

Sa ilalim ng anong mga sitwasyon maaari akong mapatunayang Incompetent to Stand Trial (IST)? .....	2
Gaano katagal ako mananatili sa ospital sa ilalim ng isang IST commitment? .....	2
Ang panahon ba na ginugol sa isang IST commitment ay mabibilang sa isang sentensiya ng bilangguan kung ako ay nahatulan? .....	3
Maaari ba akong manatili sa ospital lampas sa 3 taon na maximum commitment? .....	3
Maaari ba akong mailagay sa komunidad kahit na ako ay nahatulan ng isang felony? .....	4
May karapatan ba ako sa paggamot. ....	4
Rerepasuhin ba ang aking IST commitment? .....	5
Paano nakapagpasiya ang hukuman kung ako ay naging may kakayahan na tumayo sa paglilitis?.....	6
Kapag ang hukuman ay nagpasiya na may kakayahan ako na tumayo sa paglilitis, ano ang susunod na mangyayari?.....	6
Maaari ko bang hamunin ang pagiging walang kakayahan upang tumayo sa paglilitis sa pamamagitan ng pag-file ng isang writ of habeas corpus?...7	7

## **Sa ilalim ng anong mga sitwasyon maaari akong mapatunayang Incompetent to Stand Trial (IST)?**

Sinasabi ng batas ng California na maaari kang mapatunayang Incompetent to Stand Trial (IST) kung, dahil sa isang mental disorder o developmental disability, hindi mo maaaring:

- 1) Unawain ang mga kriminal na paglilitis laban sa iyo
- 2) Tulungan ang iyong abogado sa pagsasagawa ng pagtatanggol sa isang makatwirang paraan

Ang pagiging IST ay walang kinalaman sa kung ikaw ay nagkasala o hindi nagkasala ng (mga) krimen na ipinaparatang sa iyo.

## **Gaano katagal ako mananatili sa ospital sa ilalim ng isang IST commitment?**

Ang commitment ng Incompetent to Stand Trial (IST) ay nagtatapos kapag alinman sa:

- 1) Natapos ang pinaka matagal na panahon ng commitment
- 2) Ikaw ay nasertipikahang may kakayahan ng korte

Ang mga batas ng California ay naglilimita sa mga commitment ng Incompetent to Stand Trial (IST) para sa isang taong naparatangan ng isang krimen sa maximum na 3 taon o ang maximum na termino ng pagkabilanggo, alinman ang mas maikli.

Halimbawa, sabihin nating si John Doe ay naparatangan ng isang bilang ng pagnanakaw, isang bilang ng pag-atake at isang bilang ng pagnanakaw ng sasakyan. Bago magsimula ang kanyang paglilitis, siya ay napatunayang IST at ipinadala sa isang state hospital upang magpagaling. Sa teorya, ang kanyang maximum na IST commitment sa ospital ay magiging 3 taon, **hindi** 3 taon para sa bawat bilang.

Kung ikaw ay napatangan ng maliit na kasalanan, ang maximum na IST commitment ay 1 taon o ang pinakamahabang sentensiya ng bilangguan, alinman ang mas maikli.

Mahalagang malaman na kahit narating mo na ang maximum na oras ng pagkakulong, maaari kang ilagay sa iba pang mga uri ng mga psychiatric commitment na nagpapatagal ng iyong pamamalagi sa ospital, tulad ng Murphy conservatorship o LPS conservatorship.

### **Ang panahon ba na ginugol sa isang IST commitment ay mabibilang sa isang sentensiya ng bilangguan kung ako ay nahatulan?**

Oo. Ang oras na ginugol sa ospital ay binibilang sa anumang sentensiya ng bilangguan na maaari mong matanggap. Makakakuha ka rin ang credit para sa panahong ginugol sa isang outpatient treatment na programa kung ikaw ay inilagay dito. Hindi ka makakakuha ng good conduct o mga credit sa trabaho para sa pre-sentence commitment sa isang ospital, pasilidad sa paggagamot o programang paggagamot ng outpatient.

### **Maaari ba akong manatili sa ospital lampas sa 3 taon na maximum commitment?**

Oo. Ang isang paraan na maaaring mapahaba ang isang commitment ay sa pamamagitan ng Murphy conservatorship. Pinapahaba ng Murphy conservatorship ang panahon ng isang tao na maaaring ma-commit lampas sa 3-taong IST maximum commitment. Ang Murphy conservatorship ay tumatagal ng 1 taon ngunit maaaring pahabain bawat taon nang walang katiyakan.

Ang isang tao ay maaaring ilagay sa Murphy conservatorship kung napatunayan ng korte na:

- 1) Ang isang tao ay nananatiling Incompetent to Stand Trial (IST);
- 2) Ang tao ay nahatulan ng violent felony; at
- 3) Ang tao ay isang malaking panganib ng pisikal na pinsala sa iba

Kung hindi mo naabot ang pamantayan para sa isang Murphy conservatorship, maaari kang ilagay sa isang LPS conservatorship. Ang isang tao ay maaaring ilagay sa isang LPS conservatorship kung mayroon silang kapansanan sa isip o talamak na alkoholismo at napatunayan ng korte na "matindi ang kapansanan." Ang pagiging may matinding kapansanan ay nangangahulugan na dahil sa malubhang alkoholismo o sakit sa isip, hindi ka makapaglalaan ng iyong pagkain, pananamit o tirahan.

### **Maaari ba akong mailagay sa komunidad kahit na ako ay nahatulan ng isang felony?**

Karaniwan makakatanggap ka ng ebalwasyon at paggamot sa isang state hospital. Kung ikaw ay nahatulan ng violent felony, dapat ilagay ka ng korte sa isang state hospital o pasilidad ng paggamot nang hindi bababa sa 180 na araw. Pagkatapos ng 180 na araw, maaari **kang** mailagay sa isang conditional release program (CONREP) kung napagpasyahan ng hukuman na ang pagiging nasa CONREP ay hindi magiging sanhi ng panganib sa kalusugan at kaligtasan ng iba. Ang CONREP ay isang pambuong-estadong programa ng paggagamot sa mental health outpatient.

Kung naparatangan ka ng isang sex crime at kakailanganin ka ng isang kombiksyon na magparehistro bilang isang sex offender, hindi ka karapat-dapat para sa paggamot sa isang programa ng CONREP maliban kung napagpasyahan ng hukuman na ikaw ay hindi magiging panganib sa iba at makakakuha ka ng higit pang angkop na paggamot sa isang alternatibong programa ng paggamot.

Kung naparatangan ka ng non-violent felony, maaari **kang** ilagay nang direkta sa CONREP.

### **May karapatan ba ako sa paggamot.**

Oo. Mayroon kang karapatan sa paggagamot na magpapangyaring bumilis ang panunumbalik ng mental na kakayahan.

## **Rerepasuhin ba ang aking IST commitment?**

Oo. Ang lugar ng programa ng paggagamot kung nasaan ka ay dapat magpadala ng mga ulat sa hukuman sa iyong progreso sa pagiging may kakayahan na tumayo sa paglilitis. Ang unang takda ay sa loob ng 90 araw ng commitment.

Kung, pagkatapos ng 90 araw sa ospital, wala ka paring kakayahang tumayo sa paglilitis, at sa mga ulat ng ospital na palagay nila ay magiging may kakayahan ka sa hinaharap, magpapatuloy ka sa paggamot sa ospital o outpatient program. Pagkatapos ng 90 araw na ulat, ang ospital ay dapat magpadala ng mga ulat tungkol sa iyong progreso sa hukuman tuwing 6 na buwan.

Mayroon kang karapatang hamunin ang mga rekomendasyon ng ospital sa 90 araw o sa 18-buwang pagsusuri sa pagdinig.

Kung ang ulat ng progreso ay nagsasaad na ikaw ay malamang na hindi magkakaroon ng kakayahan sa hinaharap, dapat kang ibalik sa hukuman para sa isang conservatorship na pagdinig. Sa pagdinig na ito maaari kang ilagay sa LPS o Murphy conservatorship. Kung hindi mo natutugunan ang pamantayan para sa isang conservatorship **at** naabot mo na ang maximum na termino ng pagkakulong dapat na palayain ka ng hukuman.

Halimbawa, ang pinakamataas na termino ng pagkakulong ay kung ikaw ay napatangan ng non-violent felony at napatunayang nagkasala, ang iyong sentensiya ay hindi na hihigit sa 180 araw sa bilanguan. Sa 180-araw na repasong pagdinig, kung sinabi ng ospital na hindi ka magkakaroon ng kakayahan sa hinaharap, palalayain ka ng hukuman dahil gumugol ka na ng 180 araw sa ospital. Muli, mangyayari lamang ito kung hindi mo naabot ang mga kondisyon para sa isang LPS o Murphy conservatorship.

Kung ikaw ay napatangan ng violent o non-violent felony, sinasabi ng batas na dapat kang bigyan ng bagong paglilitis sa kakayahan pagkatapos ng 180 araw (Tingnan ang Penal Code Section 1369). Sa oras na ito, ang hukuman ay maaaring magpasiyang manatili ka sa ospital o ilagay sa isang LPS o Murphy conservatorship.

## **Paano nakapagpasiya ang hukuman kung ako ay naging may kakayahan na tumayo sa paglilitis?**

Kung ang ospital ay naniniwala na ikaw ay may kakayahan na tumayo sa paglilitis, ang ospital ay nagpapadala ng korte ng isang Certificate of Restoration of Competency. Ipinapadala ng ospital ang sertipiko na ito sa hukuman sa pamamagitan ng sertipikadong koreo. Kung gayon ay dapat na ibalik sa hukuman nang hindi lalampas sa 10 araw matapos ang pag-file para sa isang pagdinig sa pagpapanumbalik.

Sa pagdinig ng competency restoration, nagpapasiya ang hukuman kung ikaw ay may kakayahan na tumayo sa paglilitis. Kung ang hukuman ay nagpasiya na ikaw ay may kakayahan, magpapasiya ang hukuman kung maaari kang mag-post ng piyansa o ilalabas sa iyong sariling pagkilala (inilabas nang walang piyansa).

Ang iyong abugado o ang pag-uusig ay maaari ring humingi sa korte para sa isang restoration of competency na pagdinig.

Wala kang karapatan sa isang paglilitis sa hurado sa competency restoration na pagdinig.

Sa competency restoration na pagdinig, ikaw ay ituturing na may kakayahan. Kung naniniwala ang ospital o ang taga-usig na wala kang kakayahan, kailangan nilang patunayan ito sa hukuman sa pamamagitan ng isang "preponderance of evidence." Ito ay mas mahinang katibayan kaysa sa "beyond a reasonable doubt."

## **Kapag ang hukuman ay nagpasiya na may kakayahan ako na tumayo sa paglilitis, ano ang susunod na mangyayari?**

Kapag nakitang may kakayahang tumayo sa paglilitis, magpatuloy ang mga kriminal na paglilitis. Kung mayroon kang isang paunang pagdinig bago ka matagpuang walang kakayahang tumayo sa paglilitis, malamang na hindi ka na makakakuha ng isa pang paunang pagdinig. Kung ikaw ay walang kakayahang tumayo sa paglilitis sa loob ng maikling panahon, maaaring magpatuloy ang iyong paglilitis. Kung ikaw ay walang kakayahan na tumayo sa paglilitis ng matagal, maaaring ipahayag ang isang mistrial at

magsisimula ang isang bagong paglilitis. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagkuha ng bagong paglilitis, kakailanganin mong makipag-usap sa iyong abugado.

Kung, sa iyong competency restoration na pagdinig, napatunayan ng hukom na may kakayahan ka, maaari kang ibalik sa ospital upang maghintay hanggang magsimula ang iyong paglilitis. Maaari kang ibalik ng hukuman sa ospital kung pinaniniwalaang ang pagiging nasa bilangguan ay maglalagay sa iyo sa panganib ng pagiging walang kakayahan muli o kung kailangan mo ng patuloy na paggamot upang panatilihin kang may kakayahan.

**Maaari ko bang hamunin ang pagiging walang kakayahan upang tumayo sa paglilitis sa pamamagitan ng pag-file ng isang writ of habeas corpus?**

Oo

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga source, para sa isang kumpletong listahan ng mga tagapondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*